Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Bulakan

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**HANGO SA KATITIKAN NG IKA-14 NA PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG IKA-11 SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG IKA-3 NG OKTUBRE, 2022 SA BULWAGANG HEN. GREGORIO DEL PILAR, PAMAHALAANG BAYAN, BULAKAN, BULACAN.**

**MGA DUMALO:**

Igg. Atty. Reina Rica C. Sanchez ----------- Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

**MGA KAGAWAD**

Igg. Aubrhie Cindyrelle D. Carpio
Igg. Jose Antonio V. Lava
Igg. Aron Ronald R. Cruz
Igg. Marbin J. Garcia
Igg. Christopher Aron C. Del Rosario
Igg. Bienvenido M. Cruz Jr.
Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan
Igg. Rchie E. San Jose
Igg. Miguel Leonardo (SK)

**LAHAT AY DUMALO**

## KAPASIYAHANG BAYAN BLG. 46 - 2022

**"KAPASIYAHANG NAGPAPAHAYAG NG PAGSANG-AYON SA PAGPAPATIBAY SA KAUTUSANG SANGGUNIANG KABATAAN BLG. 2022-02 NG SANGGUNIANG KABATAAN NG BARANGAY TIBIG NA NAGLALAAN NG PONDO (SUPPLEMENTAL) NG 2020 TO 2021 SAVINGS NA NAGKAKAHALAGA NG PHP 50,000.00 NA ILALAAN TUNGO SA INFRASTRUCTURE (REPAIR AND MAINTENANCE OF SANGGUNIANG KABATAAN OFFICE)"**

Nag-Isponsor: Igg. Christopher Aron C. Del Rosario

**SAPAGKAT,** ang Tanggapan ng Sangguniang Bayan ay natanggap ang sipi ng Kautusang Sangguniang Kabataan Blg. 2022-02 ng Sangguniang Kabataan ng Barangay Tibig noong Setyembre 23, 2022 na may titulong "Kautusang pinagtibay ng Sangguniang Kabataan ng Tibig ang Paglalaan ng Pondo na manggagaling sa Savings ng Sangguniang Kabataan noong Taong 2020 to 2021 na may halagang Limampung Libong Piso (Php 50,000.00) na ilalaan sa Infrastructure (Rehabilitation ang Maintenance of SK Office)" na unang binasa noong ika-13 na Pangkaraniwang Pagpupulong na ginanap noong Setyembre 27, 2022;

**SAPAGKAT,** ang nasabing Paglalaan ng Pondo ay upang matugunan ang ibang mahalagang pangangailangan ng Sangguniang Kabataan ng Barangay Tibig. Ang pondo na nakalaan sa mga sumusunod:

**Pagmumulan ng Pondo:**

| | |
|---|---|
| SK Savings 2021 | Php 50,000.00 |
| **TOTAL:** | **Php 50,000.00** |

**Paglalaanan ng Pondo:**

**a. Infrastructure:**

| | |
|---|---|
| Rehabilitation & Maintenance of Sangguniang Kabataan (SK) Office | Php 50,000.00 |
| **TOTAL:** | **Php 50,000.00** |

**SAPAGKAT,** sa isinasagawang magkasanib na pag-aaral sa Kautusang Barangay ng Lupon ng Pananalapi, Paglalaan at Pagkukunan at ng Pambayang Tanggapan ng Badget, napag-alaman na ang nilalaman nito ay tunay na alinsunod sa mga umiiral na patakaran at alituntunin na itinakda ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng taong 1991;

**SA MUNGKAHI,** ni Igg. Christopher Aron C. Del Rosario na pinangalawahan at pinagtibay ng lahat ng mga Kagawad na dumalo;

**IPINASIYA,** Tulad Ng Dito'y Ginagawang Pagpapasiya Na Sang-Ayunan Ang Pagpapatibay Ng Sangguniang Kabataan Blg. 2022-02 Ng Sangguniang Kabataan ng Barangay Tibig Na May Titulong "Kautusang Pinagtibay Ng Sangguniang Kabataan Ng Tibig Ang Paglalaan Ng Pondo Na Manggagaling Sa Savings Ng Sangguniang Kabataan Noong Taong 2020 To 2021 Na May Halagang Limampung Libong Piso (Php 50,000.00) Na Ilalaan Sa Infrastructure (Rehabilitation ang Maintenance of SK Office)"

**PINAGTIBAY.**

Pinatutunayan ko na ang natititik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Bulakan.

**JEFF C. TANSINSIN**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**PINAGTIBAY:**

**AUBRHIE CINDYRELLE D. CARPIO**
Kagawad

**JOSE ANTONIO Y. LAVA**
Kagawad

**ARON RONALD R. CRUZ**
Kagawad

**MARBIN J. GARCIA**
Kagawad

**CHRISTOPHER ARON C. DEL ROSARIO**
Kagawad

**BIENVENIDO M. CRUZ JR.**
Kagawad

**Atty. ANA MARIE V. PAGSIBIGAN**
Kagawad

**RCHIE E. SAN JOSE**
Kagawad

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

**MIGUEL LEONARDO**
Kagawad (Ex-Officio-SK)

**PINAGTIBAY** at **NILAGDAAN:**

**Atty. REINA RICA C. SANCHEZ**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag